

Isang Gabay ng Magulang Para sa Pag-unawa sa Summative English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC)

Alam namin na maraming dalang kalakasan ang iyong anak sa paaralan, at maaaring kailangan din niya ang dagdag na suporta sa silid-aralan.

Sino ang Kumukuha ng Pagsusulit na Ito?

Ang mga estudyanteng natukoy bilang mga nag-aaral ng Ingles ay kukuha ng Summative ELPAC hanggang sa maiba ang kanilang klasipikasyon bilang mahusay sa Ingles.



Bakit Kinukuha ng mga Estudyante ang Pagsusulit na Ito?

Sinusukat ng Summative ELPAC kung gaano kalaki ang pagsulong ng iyong anak sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat sa Ingles. Ang pagsusulit na ito ay magbibigay sa iyo at sa guro ng iyong anak ng impormasyon kung saan maaaring kailangan pa nila ng dagdag na suporta.

Kailan Kinukuha ng mga Estudyante ang Pagsusulit na Ito?

Kinukuha ng mga estudyante ang Summative ELPAC tuwing tagsibol hanggang sa maging bihasa sila sa Ingles at hindi na nila kailangan ng karagdagang suporta. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa paaralan ng iyong anak tungkol sa mga espesipikong petsa at oras ng pagsusulit.

Paano Kinukuha ng mga Estudyante ang Pagsusulit na Ito?

Para sa karamihan ng mga estudyante, isinasagawa ang pagsusulit sa computer. Para sa mga estudyante sa kindergarten hanggang baitang 2, ang Pagsusulat na bahagi ng pagsusulit ay gagawin sa format ng papel at lapis. Isasagawa ng mga estudyante ang mga bahagi ng pagsusulit na Pakikinig, Pagbabasa, at Pagsusulat nang isa-isa kasama ang tagapagbigay ng pagsusulit. Isasagawa ng mga estudyante sa kindergarten at baitang 1 ang buong pagsusulit nang isa-isa kasama ang tagapagbigay ng pagsusulit.

Anong mga Materyales ang Makukuha?

Magkaka-access ang iyong anak sa mga materyales na kailangan nila kapag kinukuha ang mga pagsusulit na ito, gaya ng highlighter, notepad, o scratch paper. Tutulong ang mga materyales na ito para ma-access ng iyong anak ang pagsusulit at hindi nakakaapekto sa mga iskor nila sa anumang paraan. Pwede mong kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa iba pang makukuhang materyales na maaaring makatulong sa iyong anak.

Paano Ko Matutulungan ang Anak Ko?

- Ipaalala sa iyong anak na gusto mo at ng kaniyang guro na gawin niya ang kaniyang buong makakaya at nariyan ka para tulungan siya sa bawat pagkakataon.
- Magpunta sa [website ng Starting Smarter](#) para mas maunawaan ang Mga Ulat sa Iskor ng Estudyante, suriin ang mga halimbawang tanong, at i-access ang mga materyales para suportahan ang pagkatuto ng iyong anak.
- Kumuha ng praktis na pagsusulit kasama ang iyong anak mula sa [CAASPP at ELPAC Practice and Training Tests web page](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga iskor ng iyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak at/o sa opisina ng paaralan.

